# Tala Hinggil sa mga Editor

LOURDES R. BAETIONG, PhD

Propesor ng Edukasyong Pangwika sa gradwadong antas sa Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Ang kaniyang interes sa pagsasaliksik at mga gawaing pang-ekstensiyon ay nakatuon sa pagtuturo ng wika, pagkatuto ng ikalawang wika, mentoring, at language supervision. Minsan na siyang naglingkod at muli ay kasalukuyang naglilingkod bilang Kalihim ng Kolehiyo ng Edukasyon ng UP Diliman.

FARAH C. CUNANAN

Katuwang na propesor ng Departamento ng Linggwistiks sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman kung saan siya nagtuturo ng linggwistiks, wikang Tsino, at wikang Hapon. Ang kaniyang pananaliksik ay nakatuon sa modality ng mga wika, ethnolinggwistiks, at komparatibong pag-aaral ng mga wikang Filipino, Hapon, at Tsino.

ROMMEL B. RODRIGUEZ, PhD

Nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang malikhaing manunulat na nagkamit na ng iba't ibang gawad pampanitikan tulad ng Palanca. Awtor siya ng librong Lagalag ng Paglaya na inilathala ng UP Press noong 2011. Kasamang editor din siya ng mga antolohiyang Kathang-Isip: Mga Kuwentong Fantastiko (Ateneo de Manila University Press, 2011) at Transfiksyon: Mga Kathang In-transit (UP Press, 2014). Naging Visiting Professor siya sa University of Shizuoka sa Japan noong 2014. Aktibo siyang mananaliksik ng kasaysayan at kulturang Filipino at kasalukuyang tumatayong direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman.